



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN
Office of the Vice-Chancellor for Academic Affairs
NATIONAL SERVICE TRAINING PROGRAM DILIMAN

**GABAY PARA SA GURO KAUGNAY NG REDISTRIBUTION AT CHANGE OF
MATRICULATION A.Y. 2018-2019**

Narito po ang ilang mahahalagang bagay/paunawa kaugnay ng *redistribution at change of matriculation* para sa inyong gabay:

TAKDANG PETA SA NG REDISTRIBUTION AT CHANGE OF MATRICULATION: Abril 10, 2019 (Miyerkules) hanggang Abril 26, 2019 (Biyernes).

REDISTRIBUTION:

1. Kakailanganing mai-redistribute ang mga mag-aaral ng NSTP mula sa Common Module patungo sa partikular na component (LTS1, CWTS1, o ROTC1) na hinahawakan ng kaniyang guro sa Common Module. Isasagawa ang redistribution ng Departamentong naghahain ng kurso.
2. Tanging ang mga mag-aaral lamang na nakakumpleto sa lahat ng sesyon ng Common Module ang maaaring mai-redistribute. Dahil dito, kailangang maabisuhan ng guro sa lalong madaling panahon ang mga mag-aaral nilang may hindi nadaluhang sesyon upang mapunuan kaagad ng mag-aaral ang kaniyang kakulangan sa pamamagitan ng pagme-make-up. Kailangan ding talakayin ng guro sa mag-aaral ang pamamaraang maaari nitong gawin para sa kaniyang make-up. Hindi na pahihintulutang mag-make-up ang mag-aaral na lampas na sa pinahihintulutang bilang ng pagliban (3 absences). Ang mga mag-aaral na hindi maire-redistribute sa itinakdang panahon ng redistribution ay mananatili sa classlist ng Common Module at hindi mabibigyan ng grado sa NSTP1 (CWTS1, LTS1 o ROTC1). Dahil dito, kakailanganin niyang ulitin ang kurso.
3. Tungkulin ng bawat guro sa NSTP na makipag-ugnayan sa nangangasiwa ng rehistrasyon sa kaniyang Departamento upang ipagbigay alam sa huli ang listahan ng pangalan ng kaniyang mga mag-aaral na maaari nang iredistribute (mag-aaral na kumpleto ng pagdalo sa pagtatalakay ng lahat ng paksa ng NSTP Common Module).
4. Maaaring isagawa ng mga mag-aaral na may kakulangan sa pagdalo ang make-up sa pamamagitan ng sumusunod at anumang mapagpapasyahan ng Kolehiyo na maaaring gawing pamalit sa sesyon sa Common Module na nalibanan ng mag-aaral:
 - a. Maaaring panuorin ng mag-aaral ang sesyong kapareho ng hindi nadaluhan sa *uploaded video/s* ng mga paksa sa Common Module (mula sa programang Serbisyong Tatak UP ng NSTP Diliman Office sa DZUP 1602 at mga panayam sa mga eksperto sa mga paksa sa Common Module na binuo ng mga mag-aaral mula sa College of Mass Communication). Upang maisagawa ito, kailangang mag log-in ng mag-aaral sa uvle.upd.edu.ph gamit ang kanilang **CRS account** at buksan ang **NSTP Common Module 1**. Dito matatagpuan ang mga uploaded Common Module videos. Ang pamamaraan ng pagtitiyak na napanuod ito ng mag-aaral ay pangangasiwaan ng guro sa NSTP Common Module ng mag-aaral. Halimbawa, maaaring hingin ng guro ang pagsusumite ng mag-aaral ng *reflection paper* sa pinanuod na video.

- b. Gayundin, maaaring pakinggan ng mag-aaral ang mga piling recorded episodes ng Serbisyong Tatak UP (STUP) na nagtatalakay ng paksang kanilang nalibanan sa Common Module. Ang STUP ay isang programang panradyo na ineere ng DZUP 1602, ang opisyal na AM station ng UP Diliman. Dagdag itong materyal para sa mga klase ng NSTP. Ito ay pinangangasiwaan ng National Service Training Program (NSTP) Diliman Office, katuwang ng DZUP 1602 at UP Radio Circle. Tuwing Lunes ay ineere nang live mula ika-9 hanggang ika-10 ng umaga ang mga bagong episode na may mga paksa patungkol sa Common Module, community engagement at mga gawaing pang-adbokasiya. Maaaring ma-access ang listahan ng mga piling episode gamit ang link na ito: <https://drive.google.com/.../1g8B6KCHqO4JJA2oU9IVi60UZI.../view....> Ang pamamaraan ng pagtitiyak na napakinggan ng mag-aaral ang pamalit na recorded episodes ng STUP ay pangangasiwaan ng kaniyang guro sa *NSTP Common Module*.
- c. Maaari ding dumalo ang mag-aaral sa pagtatalakay ng nalibanang paksa sa ibang Kolehiyo sakaling mayroon pang nakatakdang pagtatalakay ng kaparehong paksa sa ibang Kolehiyo. Kailangang tiyakin ng mag-aaral na siya ay nakapagpaalam at napahintulutan ng gurong tagapangasiwa ng dadaluhang klase sa ibang Kolehiyo bago siya dumalo dito. Gayundin, kailangang makapagpakita ng mag-aaral sa kaniyang guro sa NSTP ng sertipiko ng pagdalo (patunay ng pagdalo) sa pagtatalakay sa partikular na paksa sa Common Module na nilagdaan ng tagapangasiwang guro ng klaseng dinaluhan sa ibang Kolehiyo o ng kanilang NSTP Coordinator/Tagapag-ugnay. Ito ang magiging katibayan na tunay na nadaluhan ng mag-aaral sa ibang Kolehiyo ang sesyong tumatalakay sa kaniyang nalibanang paksa sa Common Module. Para dito, pupunuan at palalagdaan ng mag-aaral sa kinauukulan ang **Common Module (CM) Make-up Form**. Maaaring mahingi ng guro ang “editable soft copy” ng nasabing form sa mga Tagapag-ugnay ng NSTP sa Kolehiyo na ipadadala sa kanila ng Tanggapan ng NSTP Diliman upang ito ay maipagamit sa mga mag-aaral.
5. Tungkulin ng guro ng NSTP na abisuhan ang kaniyang yunit sa oras na makumpleto ng kaniyang mag-aaral ang kakulangan upang ang mag-aaral ay mai-redistribute ng namamahala sa rehistrasyon sa kaniyang yunit.
6. Wala nang pupunuang form para sa pagsasagawa ng redistribution ng mga mag-aaral. Nagsimulang ipatupad ang **paperless redistribution** noong Midyear 2017.
7. Paalala na hindi magagawang i-redistribute ang mag-aaral na nag-DRP o nag-LOA.
8. Kung walang intensyon ang mag-aaral na lumipat sa ibang guro ng NSTP para sa kanilang napiling component ay magtatapos na dito ang proseso.

CHANGE OF MATRICULATION

9. Sakali namang nais ng mag-aaral na lumipat sa ibang klase ng NSTP sa kolehiyo, magsasagawa siya ng change of matriculation.
10. Paalala na hindi maaaring makapag-change of matriculation ang mag-aaral hangga’t hindi pa siya nare-distribute.
11. Lahat ng mag-aaral na magpapasyang lumipat ng guro para sa napiling component ng programa (LTS1, ROTC1, o CWTS1) ay kailangang mabigyan ng kaniyang guro sa Common Module ng “**certificate of**


completion” bilang katibayan na nakumpleto niya ang Common Module bago siya mapahintulatang lumipat. Lalamanin din ng certificate of completion ang **Common Module Grade (CM Grade), batayan ng paggagrado** sa remarks at **bilang ng pagliban** ng mag-aaral na ibibigay ng kaniyang guro sa Common Module. Mahalaga ang mga impormasyong ito para sa pagbibigay ng pinal na grado sa mag-aaral ng lilipatang guro.

12. Paunawa na tanging ang mga mag-aaral lamang na lilipat ng seksyon/ibang guro sa pipiliing component ng NSTP ang bibigyan ng “certificate of completion.”
13. Ang editable template ng certificate of completion ay magmumula sa Tanggapan ng NSTP Diliman. Ito ay lalagdaan ng guro ng NSTP ng mag-aaral at ng Tagapag-ugnay ng NSTP sa Kolehiyo.
14. Sa mga mag-aaral na lilipat, kailangan niyang pumunta sa Departamento/yunit kung saan siya na-redistribute upang magpacancel sa kanyang klase at pumunta naman sa Departamento/yunit na naghahain ng kursong lilipatan para magpatala dito. Kailangang makapagpresenta ang mag-aaral ng certificate of completion sa kaniyang lilipatang guro bago siya tanggapin sa klase.
15. Matapos makapagpatala ng mag-aaral sa lilipatang klase, kailangan niyang magpunta sa College Secretary’s Office ng kaniyang kolehiyo upang makapagpaprint, validate at assess ng change of mat form (bagaman lalabas lamang sa assessment na walang babayaran ang mag-aaral). Kapareho din ito ng proseso ng *regular na change of matriculation*. Ang kaibahan lamang ay walang babayaran ang mag-aaral sa *change of mat ng NSTP*. Kailangan ding papirmahan ng mag-aaral ang change of mat form sa kaniyang registration adviser. Matapos mapirmahan ng registration adviser, muli itong ibabalik ng mag-aaral sa kaniyang College Secretary’s Office upang mapirmahan ng nasabing Tanggapan. Kailangang maisumite ang change of mat form na may kumpletong lagda sa OUR upang makumpleto ang proseso.

Para sa inyong mga katanungan at paglilinaw kaugnay nito, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng NSTP sa inyong Kolehiyo. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Tanggapan ng NSTP Diliman.

Maraming salamat po.

Matapat na sumasainyo,


Prop. Arlyn P.
Macapinlac Direktor,
NSTP Diliman
03/21/2019